

Balita Mula sa Kumamoto Bar Association - Tanong at Sagot Tungkol sa Kalamidad

Ang mga impormasyon dito ay tama hanggang ika-21 ng Abril 2016; maaari itong mabago dahil sa pagbabago ng batas at iba pang dahilan.

Tagapaglathala: Kumamoto Bar Association
Kyoumachi 1-13-11, Chuuou-ku, Kumamoto City, 860-0078

Konsultasyon at pagbibigay ng impormasyon sa telepono: 096-312-3250
Mula alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon (mula sa ika-25 ng Abril, sa wikang Japanese lang muna)

Libreng interpretation sa ibang wika (Ingles, Chinese, Korean, Portuguese, Spanish):

http://www.respect.osaka-u.ac.jp/wp-content/uploads/2016/04/bricks_kumamoto_en.pdf

1. Tungkol sa opisyal na suporta ng gobyerno sa mga apektado ng kalamidad

Ano ang *Risai Shomeisho* (Disaster Victim Certificate)? Paano ito makakatulong sa mga biktima ng kalamidad?

Ang *Risai Shomeisho* (Disaster Victim Certificate) ay isang patunay na nasira ang bahay ng isang tao dahil sa kalamidad. Ito ay ibinibigay ng local government unit (LGU) pagkatapos siyasin ang kalagayan ng bahay. Ang taong apektado ay kailangang humingi sa LGU ng pagsisiyasat tungkol sa sira ng kanyang bahay dulot ng lindol. Ang certificate na ito ang magiging batayan ng iba't ibang uri ng opisyal na suporta ng gobyerno. May ilang kategorya ang sira ng bahay:

- a. Lubusang sira (wasak ang buong bahay);
- b. Kalahati lang ng bahay ang sira nguni't may malaking pinsala (wasak ang kalahati ng bahay, at may matinding sira);
- c. Kalahati lang ng bahay ang sira; at
- d. Bahagi lang ng bahay ang may sira.

Dahil depende sa bawat LGU ang sistema ng pagbibigay ng certificate, kailangang alamin at siguraduhin ang impormasyon mula sa kanila tungkol dito. Maaring may ibang sistema sa pagbibigay ng certificate para sa mga tindahan at kumpanya. Kaya mabuting alamin ang sistema sa mga LGUs.

> Inirerekomendang kunan ng litrato ang apektadong bahay bago ito isaayos dahil ang litratong kinuha pagkatapos ng pag-aayos na gagamitin sa pagkuha ng certificate ay maaaring magdulot ng mas mababa ang level ng certification ng pagkasira ng bahay.

Maaaring may pagsisiyasat muli pagkareport ninyo sa LGU kung hindi sumangayon sa natanggap na certification.

Saigai Kyuui Kin (Condolence Money in Case of Disaster)
(Ayon sa batas sa pagbabayad ng condolence money kapag may kalamidad)

> Ito ay sistema ng pagbibigay ng suporta sa mga pamilya ng biktimang namatay sa kalamidad: ang pinakamataas na halagang 5 milyong Yen ang ibibigay kung ang namatay ay ang naghahanap-buhay sa pamilya. Kung hindi, ang pinakamataas na halagang 2.5 milyong Yen ang ibibigay.

Ang susuportahan ng tulong na ito ay ang asawa, anak, magulang, apo, lolo at lola, at mga kapatid na nakatira sa parehong tahanan o sinuportahan ng naghahanap-buhay na namatay sa kalamidad. Tanungin ang City/Town/Village government tungkol dito.

Kung may masidhing pangangailangan para mabuhay

> Pagpapa-utang ng *Seikatsu Fukushi Shikin* (Loan for Social Welfare) Ito ay pang-emergency lamang at hindi masyadong malaki ang halaga.

Ang lokal na *Syakai Fukushi Kyougikai* (Council of Social Welfare) ay nagpapa-utang hanggang 100,000 Yen (pinakamataas). Tanungin ang City/Town/Village Council of Social Welfare tungkol dito.

> *Juutaku Kakuho Kyuufu Kin* (Housing Support Benefit)

Ito ay pinansyal na suporta para manatili sa bahay na tinitirahan. Puwedeng suportahan ang pagbabayad ng upa sa bahay batay sa *Seikatu Konkyuu Sya Jiritsu Shien Seido* (Independence Support System for the Needy). Tanungin ang City/Town/Village o Council for Social Welfare tungkol dito.

Saigai Syougai Mimai Kin (Kabayaran sa mga taong nabalado [disabled] dahil sa kalamidad)
(Ayon sa batas sa pagbabayad ng condolence money kapag may kalamidad)

> Ito ay sistema ng pagbibigay ng suporta sa mga taong nagkaroon ng grabeng kapansanan sa kalamidad: pinakamataas ang 2.5 milyong Yen kung siya ang naghanap-buhay sa pamilya; kung hindi, pinakamataas ang 1.25 milyong Yen.

Ang “grabeng kapansanan” ay tulad ng pagiging bulag sa dalawang mata; pangangailangan ng palaging tulong dahil sa matinding kapansanan sa nervous system o psychologically handicapped, o dahil sa kapansanan sa mga internal organs; nawalan ng dalawang braso o hindi na maikilos ang dalawang braso; nawalan ng dalawang binti, o hindi na maikilos ang dalawang binti. Tanungin ang City/Town/Village government tungkol dito.

Sistema ng Pagtulong sa Pagbabalik ng Hanapbuhay ng mga Biktima ng Kalamidad
(Ayon sa Act Concerning Support for Reconstructing Livelihood of Disaster)

Victims)

> Ito ang sistema sa pagbibigay ng pinansyal na suporta sa mga pamilyang naapektuhan ang buong kabuhayan dahil halimbawa sa pagkasira ng buong bahay. May dalawang uri ng suportang puwedeng tanggapin (at kung iisa lang ang miyembro ng pamilyang nakatira doon noon may lindol ay puwedeng tumanggap ng 3/4 ng itinakdang halaga.)

- a. Suporta depende kung gaano kagrabe ang pagkasira ng bahay (basic support)

	Gaano kagrabe ang sira ng bahay	
	Lubusang sira	Kalahating bahagi ang sira na may malaking pinsala
Halaga ng suporta	1 milyong Yen	0.5 milyong yen

(Sa mga “Umuupa ng bahay,” hindi kasama dito ang umuupa sa public housing)

- b. Suporta depende kung ano ang gagawin sa bahay (karagdagang suporta)

	Paraan ng pagkaroon muli ng bahay		
	Magpapatayo, bibili	Magpapaayos, magpapatibay	Mangungupahan ng bahay
Halaga ng suporta	2 milyong Yen	1 milyong Yen	0.5 milyong Yen

Halimbawa, ang lubusang nasiraan ng bahay ay bibigyan ng 1 milyong Yen bilang basic support, at ang pagpapatayo ng bagong bahay ay may dagdag na suporta ng 2 milyong Yen. At kung magpapatayo ng bahay pagkatapos umupa sa isang apartment, bibigyan muna siya nang 0.5 milyong Yen, at saka dagdagan hanggang maging 2 milyong Yen ang lahat na naibigay.

Para sa mga pamilyang lubusang nasiraan ng bahay o kalahati lamangng bahay ang sira nguni’t may malaking pinsala na maaaring gagastos sa pagpapatayo o pagpapaayos ng bahay na lalampas sa suportang matatanggap, inirerekomendang kunan ng litrato ang labas at loob ng bahay bago magpaayos. Ang application documents ay dapat ibigay sa City/Town/Village government office ayon sa ganitong schedule:

- a. Sa loob ng 13 buwan pagkatapos ng kalamidad para sa basic support;
- b. Sa loob ng 37 buwan para sa karagdagang suporta.

2. Tungkol sa mga kailangan bayaran

Kung walang natitirang pera para sa pagbabayad ng mga utang sa pabahay o negosyo

> Puwedeng magkaroon ng exemption o reduction ng mga utang alinsunod sa “Guideline for the Debt Consolidation of the Victims of Natural Calamities.”

Kung kayo ay sakop ng sistemang ito, ito ang mga benepisyo:

- a. May libreng suporta ng mga abogado (na nasa listahan ng mga abogado) para sa mga kailangang gawin;
- b. Hindi kailangang ibayad muna ang lahat na natitirang ari-arian o ubusin ang natitirang pera (kasama ang suportang pinansyal na binabanggit dito) upang magkaroon ng exemption o reduction ng utang;
- c. Hindi tulad sa bankruptcy proceedings at debt consolidation, hindi kasama sa “personal credit information” ang exemption o reduction ng mga utang kaya hindi ito magiging hadlang sa pagkuha ng bagong utang;
- d. Sa karaniwang kaso, hindi na rin kailangang magbayad ang joint guarantors sa mga utang.

Kaya huwag magmadali sa pagbabayad ng mga utang gamit ang mga suporta tulad ng earthquake insurance. Inuulit dito ang paalalang puwedeng hindi ibayad ang lahat na ari-arian at puwedeng may natitira pang pera (pati mga suportang pinansyal) upang magkaroon ng exemption o reduction ng utang. Kaya bago magbayad ng utang, konsultahin ang mga abogado o mga bangko (sa palagay namin, mas mabuti na konsultahin muna ang abogado).

> At tungkol sa mga housing loans sa Japan Housing Finance Agency (dating Housing Loan Corporation), puwedeng ipagpaliban ang bayad sa utang ng 1-3 taon, o magbaba ng interes sa utang, at iba pa.

Tanungin ang mga bangko tungkol dito.

Paano kaya ang bayad sa mga buwis?

- > Puwedeng hindi muna pabayarin o magbaba ng buwis
- a. Tanungin ang mga tax offices tungkol sa national taxes (income tax, consumption tax, corporate tax, at iba pa).
 - b. Tanungin ang regional office na sumasakop sa inyong tinitirahan tungkol sa prefectural taxes (individual enterprise tax, real estate acquisition tax, automobile tax, automobile acquisition tax, at iba pa)
 - c. Tanungin ang city/town/village hall tungkol sa city/town/village taxes (residential tax, property tax, at iba pa).

Paano kaya ang bayad ng pension fee at health insurance fee?

> May posibilidad na magkaroon ng mabawasan ang ibabayad sa health insurance, national pension, welfare pension, seamen’s insurance, at sa bayad sa children’s allowance. Tanungin ang city/town/village offices o pension office tungkol dito.

May posibilidad na mananatili ang dating account-to-account transfer ng pera kaya kailangang kontakin ang city/town/village at iba pa tungkol dito. Inihahanda ang mga call centers para dito.

Paano kaya ang public utility charges?

> Puwedeng may exemption o extension ng period ng pagbabayad sa kuryente, gas, tubig, land-line telephone, cellphone, PHS, at iba pa. Kung gustong malaman, kailangang tanungin ang baw't contracting companies.

Hindi ba ibabayad ang life insurance proceeds dahil sa exemption clause tungkol sa kaso ng lindol?

> Nagpasya ang mga kumpanya ng life insurance na hindi gagamitin ang earthquake special contract sa mga taong apektado ng 2016 Kumamoto Earthquakes. Ibig sabihin, may posibilidad na matatanggap ang life insurance benefit, kaya tanungin muna ang insurance company.

Pagtatanong o pagkonsulta tungkol sa Earthquake Insurance.

> Kung may mga hindi naiintindihan sa earthquake insurance, tumawag sa numero sa Sampo ADR Center (General Insurance Association of Japan):
Telepono: 0570-022808; 092-235-1761 from IP phones

Lunes hanggang Biyernes (Working Day) – mula ika-9:15 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

3. Tungkol Sa Pagbabayad Ng Seguro (Insurance)

Mga nasirang sasakyan dahil sa lindol :

~ Ang mga sasakyang nasira dahil sa lindol, tsunami , at iba pang natural na kalamidad ay hindi nasasakupan ng karaniwang seguro.

Subali't maaari namang kumuha ng isang uri ng seguro na kasama na pati ang mga natural na kalamidad. Kontakin ang inyong " insurance company " o ang inyong ahente ng seguro. [ang context ng Q & A na ito ay may disaster na, kaya late na yung pagkuha ng insurance para dito, di kaya?. Kaya baka sa imbes na ito ang sabihin, mabuting sabihin na lang na tingnan ang insurance policy para malaman kung covered ang loss due to natural disasters?]

Hindi ko matandaan ang aking kompanya ng seguro ?

~ Maaari kayong makipag-ugnayan o magtanong sa mga sumusunod:

1. Life Insurance: (Seimei Hoken Kyokai) Saigai Chiiki Seiho
Keiyaku Shokai Center
Weekdays : 9:00 a.m. - 5:00 p. m.
Tel: 0120-001731

2. Insurance against loss or indemnity: Shizen Saigai Sonpo Keiyaku Shokai Center (Non-life Insurance Association on Natural Disaster Insurance Agreement)
Weekdays: 9:15 a.m . - 5:00 p. m.
Tel: 0570-001830
IP : 03-6836-1003

Iba pang mga tanong:

~ Para sa mga hindi pa nababayaranang premium ng seguro o hindi na umabot sa deadline ng pagbabayad, may posibilidad na matatanggap pa ang kabayaran [insurance benefit?] (depende rin sa sitwasyon).

Kaya, kontakin lamang ang inyong insurance agent.

4. Tungkol sa mga Nawawalang Bagay: (On lost items)

Nawala po ang passbook ko sa bangko at hindi ako makapag-withdraw ng pera, maaari ba akong bigyan ng bagong passbook?

~ Kung makakapagbigay ka ng mga patunay na ikaw ang may-ari ng "bank account," maaari kang mag-withdraw.

Libre ang pagkuha ng bagong passbook. Kailangan ng identification cards [note: hindi kaya mabuting idagdag o sabihin ang zairyu card dahil ito talaga ang kailangan para sa mga gaikokujin/Pilipino?]; ngunit kung wala nito, humingi ng payo sa mga kinauukulan.

Kung nawala rin ang iyong "personal seal" (inkan) para sa transakyon sa bangko, kailangang mag-apply ng panibagong personal seal.

Nawala ang aking "credit card "

~ Kailangang ipaalam mo agad sa kompanya ng iyong "credit card" ang pagkawala nito at hintayin mo na lamang na ipadala ang bagong card sa iyo .

Nawala ang titulo ng aking lupa , maaari ba akong magbenta o bumili ng lupa ?

~ Oo, maaari kang bumili o magbenta ng lupa, dahil may kopya ng mga titulo ng lupa sa real estate office [sa shiyaksho?]. Kasali na rin dito ang titulo ng mga namanang lupain (inherited properties)

Subali't bawal pagbebenta ng mga ariarian, maliban sa tunay na may-ari.

Sa mga nawalan ng titulo ng lupa, "personal seal" at seal registration card, kumontak sa pinakamalapit na "Legal Affairs Bureau"

Mayroon ding tinatawag na " Protection Plan" upang makaiwas sa mga huwad na dokumento.

Nawala ang aking Personal Seal at Seal Registration Card

~ Makipag-ugnayan sa inyong pinakamalapit na ward office, city hall o [local?] government office. [paano yung Legal Affairs Bureau sa itaas? Idadagdag?]

Nawala ang aking ID [anong ID ito – para sa gaikokujin/Pilipino – zairyu card di ba?], maaari kaya akong makakuha ng Residence Certificate o Driver's License?

~ Makipag-ugnayan sa inyong pinakamalapit na ward office, city hall o [local?] government office.

Makakakuha ng bagong driver's license o re-issuance nito sa pinakamalapit na police station.

Paano ko malalaman ang bank accounts ng mga namatay na biktima ng Lindol ?

~ Sa nakaraang Great Tohoku Earthquake, nagkaroon ng " National Bank Association " upang makatulong sa pagsisiyasat sa bank accounts ng mga namatay na biktima. Ang sistemang ginawa para rito ang susundin. [hindi kaya magandang dagdagan ng info tungkol sa Tohoku system?]

Paano kung kailangan kong magpagamot ngunit nawala ang health insurance card ko o naiwan ko sa bahay noong evacuation?

~ Kahit wala kang health insurance card, ibigay lamang ang iyong pangalan, tirahan at telepono at ibigay rin ang iba pang detalye sa iyong health insurance card, at madali nang malalaman ang nararapat na kabayaran.

5. Tungkol sa Bayad sa Trabaho

O.